Project ASIATICA Website

Project ASIATICA

(ASian amerIcans, nATive hawaIian, and other paCific islAnders o
Asyanong Amerikano, Katutubo ng Hawaii, at Iba pang mga Taga-Isla Pasipiko)

Ang Oncology Center of Excellence (OCE) Project ASIATICA ay isang inisyatiba upang maghatid ng pokus at kaalaman sa mga pasyenteng may kanser na Asyanong Amerikano, Katutubo ng Hawaii, at Iba pang Taga-Isla Pasipiko (AA at NHPI).

Ayon sa 2020 senso ng Estados Unidos, mahigit 20 milyong indibidwal ang tinutukoy ang sarili bilang bahagi ng mga komunidad ng AA o NHPI. Gayon pa man, hindi tulad ng ibang mga populasyon sa U.S. kung saan sakit sa puso ang nangungunang sanhi ng kamatayan, kanser ang nangungunang sanhi ng kamatayan sa mga komunidad ng AA at NHPI.

Naiiba ang komunidad ng NHPI sa komunidad ng AA—ang bawat isa ay nahaharap sa kani-kanilang malalaki at katangi-tanging hamon at kawalan ng pagkakapantay-pantay sa pangangalagang pangkalusugan, partikular na kung isasaalang-alang ang dyagnosis ng kanser. Magpopokus ang Project ASIATICA sa adbokasiya, pananaliksik, at polisiya, na may mithiing maghatid ng mas higit pang kaalaman at pang-unawa sa mga hamon na kinakaharap ng mga pasyenteng may kanser na AA at NHPI.

Noong Oktubre 1997, sinunod ng Office of Management and Budget (Tanggapan para sa Pamamahala at Badyet) ang mga rekomendasyon mula sa Interagency Committee for the Review of the Racial and Ethnic Standards (Komite sa Pagitan ng mga Ahensya para sa Pagrerepaso ng mga Pamantayan sa Lahi at Etnisidad) at pinaghiwalay ang kategoryang Asyano o Taga-Isla Pasipiko sa dalawang magkahiwalay na mga kategorya. “Asyano” at “Katutubo ng Hawaii o iba pang Taga-islang Pasipiko.” Ngunit, ang mga pasyenteng may kanser na NHPI ay patuloy na kinukulang ng representasyon sa mga pang-onkolohiyang klinikal na pagsubok at pang-onkolohiyang pananaliksik, at nagkaroon ng mas masamang kinahinatnan noong nasuriang may kanser.

Sa loob ng komunidad ng AA, pinakamababa ang mga antas ng screening para sa mga partikular na kanser. Sa oras na maisagawa ang pag-diagnose sa kanser, ang paggalugad sa pangangalagang pangkalusugan para sa paggamot ay maaaring magdulot ng mismong mga hamon dahil sa mga kasalukuyang kawalan ng ekidad sa pang-onkolohiyang pangangalagang pangkalusugan, kabilang na ang pangkultura, wika, at iba pang mga hadlang sa pag-access.

Nagdaos ang OCE ng mga sumusunod na Pag-uusap Tungkol sa Kanser na pampublikong panel na talakayan na nagbigay-diin sa ilan sa mga nagpapatuloy na hamon:

- Hulyo 29, 2021: Mga Pag-uusap Tungkol sa Kanser – Pagsulong ng Ekidad sa mga Komunidad ng Asyanong Amedikano at Taga-Isla sa Pasipiko: Rasismo at Kawalan ng Hustisya
- Marso 28, 2023: Mga Pag-uusap Tungkol sa Kanser – Pagsulong ng Kinabukasang may mas Higit pang Pagkakapantay-pantay para sa mga Pasyenteng may Kanser na AA at NHPI

Inaasahan ng OCE ang higit pang pakikibahagi sa mga komunidad ng AA at NHPI at iba pang mga apektado upang maisulong ang pagsusumikap na ito. Para sa anumang mga katanungan tungkol sa programang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa projectASIATICA@fda.hhs.gov.

Karagdagag Impormasyon:

- Oncology Center of Excellence
- Komunidad ng Proyektong OCE
- Mga Pag-uusap Tungkol sa Kanser